

Paghahanda sa Bahay para sa Emergency

Ang inyong organisasyon ay kakailanganing maghanda para sa mga emergency para sa kapwa staff at mga indibidwal na sinusupportahan mo. Gamitin itong tip sheet para maihanda ang inyong bahay para sa isang emergency, kabilang ang Planong Aksyon sa Emergency at pagsasanay para sa trabahuhan.

Pagbuo ng Planong Aksyon sa Emergency

Ang isang **Planong Aksyon sa Emergency (Emergency Action Plan o EAP)** ay isang nakasulat na dokumento na kinakailangang makatutugon sa mga pamantayan Occupational Safety & Health Administration (OSHA). Nakakatulong ito sa pag-organisa ng mga aksyon ng employer at empleyado sa panahon ng mga emergency sa trabahuhan.

Kailangang itabi ang EAP sa trabahuhan at pwedeng marebyu ng mga empleyado. Ang isang employer na may 10 o mas kaunting mga empleyado ay maaaring iparating sa mga empleyado ang plano sa pamamagitan ng salita.

Kailangang kabilang sa EAP ng inyong organisasyon ang:

- Isang itinalagang **paraan ng pag-report** ng sunog at iba pang mga emergency
- **Isang patakaran at pamamaraan sa paglikas**
- **Mga pamamaraan sa emergency na pagtakas at mga itinalagang ruta**
 - Mga plano sa palapag
 - Mga mapa ng trabahuhan
 - Ligtas o kanlungan na mga lugar
- **Impormasyon sa pagkontak** para sa mga tao sa loob at labas ng trabahuhan na kokontakin kapag kailangan ang karagdagang impormasyon o tingnan ang mga tungkulin at responsibilidad sa ilalim ng plano sa emergency
- **Mga pamamaraan para sa staff na mananatili** sa gusali para isagawa o i-shutdown ang kritikal na mga operation ng pasilidad, paandarin ang mga fire extinguisher, o isagawa ang ibang mahalagang mga serbisyo na hindi pwedeng i-shutdpwn bago lumikas
- **Mga plano ng pagsagip at medikal na mga tungkulin para sa sinumang mga manggagawa na awtorisadong isagawa ang mga ito**
- Kung angkop, ang **pamamaraan para abisuhan ang isang legal na awtorisadong tao ng isang indibidwal** sa sitwasyon ng paglikas o iba pang mga emergency na pagbabago



Pagsasanay sa Staff at Higit Pa

Tulungan ang staff na makapaghanda sa paggamit ng EAP sa pamamagitan ng pagsasanay at madalas na pagpapraktis.

Pagsasanay:

Ang pagsasanay sa kawani ay dapat sasaklaw sa:

1. Indibidwal na mga tungkulin at responsibilidad
2. Mga banta, mga panganib, at pamproteksyong mga aksyon
3. Abiso, babala, at mga pamamaraan ng komunikasyon
4. Mga paraan ng paghahanap at muling paghahanap ng mga indibidwal sa isang emergency
5. Mga pamamaraan ng pagtugon sa emergency
6. Paglikas, kanlungan, at mga pamamaraan ng pananagutan
7. Lokasyon at paggamit ng karaniwang kasangkapan sa emergency
8. Mga pamamaraan ng emergency na pag-shutdown



Gawin ang pagsasanay na ito kapag kayo ay:

1. Bumuo ng inyong paunang EAP
2. Tumanggap ng mga bagong empleyado
3. Nagpapasimula ng bagong kasangkapan, mga materyales, o mga proseso sa trabahuhan na nakakaapekto sa mga ruta ng paglikas
4. Binabago ang layout o disenyo ng pasilidad
5. Magrerebisa o ia-update ang inyong mga pamamaraan sa emergency

Pagpapraktis

Ang regular na mga ehersisyo sa pagpapraktis ay makakatulong sa inyong organisasyon na tukuyin ang mga paraan para mas mapahusay ang mga protokol sa emergency at ihanda ang mga empleyado na maging palaging handa. Ang regular na mga drill sa emergency ay mas makapagpapahusay sa pagsasanay sa EAP.

Hanapin ang mga ehersisyo rito: www.ready.gov/business/testing/exercises

Ang QuakeSmart Toolkit

Maaaring mahaharap sa mga emergency na sitwasyon ang mga Californian na dulot ng isang lindol. Gamitin ang QuakeSmart toolkit ng Ready.gov para:

1. Matukoy ang inyong panganib
2. Bumuo ng plano
3. Kumilos



Tip Sheet

4. Makilala at pasiglahin ang iba

Tingnan at i-download ang QuakeSmart toolkit: www.fema.gov/media-library/assets/documents/152385

Alamin ang Mas Marami Pa

- Mula sa OSHA:
 - “How to Plan for Workplace Emergencies and Evacuations”:
www.osha.gov/Publications/osh3088.pdf
 - Emergency Action Plans:
www.osha.gov/SLTC/etools/evacuation/evac.html
 - Emergency Action Plan Checklist:
www.osha.gov/SLTC/etools/evacuation/checklists/eap.html
- Ready.gov guidance for businesses: www.ready.gov/business
- Ready.gov guidance for those with disabilities: www.ready.gov/disability